



LIKHAAN 18

The Journal of Contemporary Philippine Literature

©2024 by UP Institute of Creative Writing

All rights reserved.

No copies can be made in part or in whole without prior written permission from the author and the publisher.

ISSN: 1908-8795





INTRODUKSIYON/ INTRODUCTION







SA PANAHOON NG pagbangon mula sa isang pandemya, sinubok ang katatagan at kakayahan ng mga manunulat sa paglikha ng masining at makabuluhang akda. Sa mga tampok na akda sa *Likhaan 18*, ipinapakita ang sigasig at pagsisikap sa sining ng pagsusulat, na patuloy na nagsisilbing inspirasyon sa mga mambabasa at kapwa manunulat. Sa kabila ng pagsubok ng nakaraan at patuloy na banta ng mga pandemya, ang mga bagong akda ay naging mga piraso ng pag-asa mula sa ligalig ng ating panahon.

Sa gitna ng mga kaguluhang pampolitika gaya ng pagtatanggol sa West Philippine Sea, pabago-bagong klimang pampolitika, at paghamon sa dignidad ng lokal na pamahalaan, ang mga manunulat ay inaasahang tagapagmatyag ng katarungan. Sa pamamagitan ng kanilang mga tula, maikling kuwento, sanaysay, kritika, at dula, ibinabahagi ang mga danas na naapektuhan ng mga kawalang-katarungan. Nagsisikap ang mga bagong akda na itaguyod ang tungkuling kritikal na ginagampanan ng malikhaing pagsulat bilang tagapagtanggol ng karapatan sa ating lipunan.

Sa papausbong na bighani at hikayat ng artificial intelligence, isang bagong hamon ang kinakaharap ng malikhaing pagsulat. Sa mga banta ng teknolohiya sa humanidades, isinasabuhay ng mga manunulat ang sining na pinanday ng mahabang edukasyon, karanasan, paghuhulma



ng paninindigan, at pagbubuo ng isang komunidad ng mga malikhain. Hindi kayang palitan ng anumang makina ang pagpapayabong ng isang manunulat sa kanyang sarili sa pamamagitan ng paglahok sa mga palihan, pagpasok sa akademikong programa, kumperensiya, diskusyong edukasyonal, at pakikipagtulungan sa kanilang beta readers at mentors. Ipinagdiriwang ng *Likhaan 18* ang pagsusulat na nagpapatatag sa ating pambansang kultura at pagkakakilanlan.

Iniaalay namin ang isyung ito ng *Likhaan* sa alaala ng aming namayapang managing editor na si Jenny Ortuoste, kilalang mamamahayag, mananaysay, at kritiko. Hindi namin batid ang kanyang kalagayan nang inialok namin sa kanya ang tungkuling salain ang daan-daang kontribusyon para sa journal na ito. Sa kanyang gabay at hindi matatawarang dedikasyon, natukoy niya ang mga tinig na nais niyang maipakilala sa mga mambabasa. Mananatiling inspirasyon sa amin ang kanyang diwa at alaala na mababakas sa bawat pahina ng isyung ito.

Humihiram ng kapangyarihan ng logos ang “Lapnos mula sa Logos” sa pag-usisa sa katangian mismo ng mga salita na humaplos at lumapnos. Magkabaligtad na kakayahan ang mga ito, at sagana ang koleksiyon sa pangunahing imahen ng apoy: pagbalik-tanaw man sa sunog sa parola noong 1790 na tinititigan o sa larawan ng mongheng sinunog ang sarili sa Saigon noong 1963. Maliksi ang pagsasaimahen at pagtatanong sa nilakdaw ng mga talinghaga sa ating panahon ngayon, na saksi pa rin sa mga imahinatibong pagsunog ng mga parola’t mga akto ng immolasyon para tutulan ang pandarahas at genocide. Nakatutuwa rin na may tamang balanse ng gaan at bigat sa pagmumuni sa kawalang-takot ng mga batang hamunin ang init sa paglalaro. Malalim ang inuugat ng pagkatuyot na naghihintay ng patak ng ulan. Ito, at marami pang ibang di na rin nabigkas na pagbasa, ang maaaring maipahiwatig ng koleksiyon ni Renz Rosario.

Mainam din ang ipinapahiwatig ng “Paglibán at Iba Pang Tula” ni J. E. Inojosa. May kasanayan sa ritmo, lalo na kung pagmumunihan ang pagitan at singit ng unawa sa salitang pagliban. Itó’y hindi basta pag-alis o paglisan; ito rin ay pagtawid. Buhay na kathambuhay ang “Pagliban,” halimbawa, dahil habang ginugunita ang nanay na wala na, itinatawid ng persona ang alaala sa mga munting kilos gaya ng pagbunot ng tanim at pagpapaugat nito, at alam nating ang tanim ay hindi lang mga halaman ang saklaw, kundi pati emosyon at alaala. Nagmamasad



din ang mga tula sa karaniwang mga lugar tulad ng Matandang Balara o Baclaran ngunit tukoy ang internal na lokasyon dahil sa sariwa ring mga pananalinghaga.

Inestruktura ang “#ParaKayBaldoAtLaura” ni Erik Guzman Pingol sa mekanismo, wording, at meta-narratibo ng vlogs, tweets, at mga virtual na pagkatao. Trahedyang inugat ng simpatiya ng publiko kay Mang Baldo, at nabuo ang katauhang “ulirang ama” dahil sa kinonstrak din na naratibo ng kanyang resilience. Ang interesante sa kuwentong ito ay malay na malay ang sumulat sa paraan kung paanong napapanis ang kasikatang likha ng double-exposure. May sundot din mismo sa kalakal ng kuwento at artifice ng mga storyteller sa kasalukuyang panahon. Sa huli, maitatanong din: ano ang epekto ng hashtag sa mismong paraan ng pagkukuwento natin, lalo na kung ang empathy ay ginagawang produkto at commodity?

Hindi nakagugulat na naisusulat ang “Laksang Pakpak na Pumapagaspas” ni Jay Jomar F. Quintos sa ating panahon. Ganito na natin nasisipat ang dating tila payak, heteronormatibong kuwento ng pag-ibig. Sa pagbaklas ng naratibo ng atraksiyon, talik, at koneksiyon, mamamalayang ang mismong mga salita natin na ginagamit para bigyang-hugis at tatas iyon ay laging masasagi ang kasaysayan at ang pinakamulto nito: mga kolonisasyon at diktadura. Daragdagan pa ito ng layer/suson ni Quintos: akala mo nagba-bonding lang ang mga tauhan sa pagluluto ng tortilla de patata o nabibighani sa pagpanaw ng mga ibong huia sa kanilang espasyo. Malinaw na ang minumundong pag-ibig—kung ito nga ba ang angkop na salita—ng dalawang mananaliksik na ito’y makokompromiso ng kasaysayang lampas sa kumot at pundang nagugusot sa kanilang pagtatalik. Sa huli, ang hiwaga at mangha nila sa intersectionality ng agham at folklore ay isinasabuhay na rin nila mismo, sa pagiging kakaibang pajaros de amores.

Matingkad ang maiiwang imahen ng tubig-balon sa “Ang Tubig-Balon sa Ibabaw ng Ating Dibdib” ni Ronaldo Soledad Vivo Jr. Ililihis ang inaakala nating dalisay at maiinom na katangian ng tubig-balon sa pagkakadawit mismo ng balon bilang instrumento ng pantasya. Hinuhulugan ito ng mga barya ng mga taong umaasa’t may aspirasyon. Tampok sa kuwento ang kagila-gilalas na si Cesar, kuya sa kapatid niyang adik at may almoranas na si Panki. Lumilitaw sa kuwento ang dexteridad ng mga katulad nila na umagapay sa kahirapan at dusa ng di pagkakapantay-pantay. Bukod sa mababasa ang paglabusaw



ng ordinaryong tao sa kalipikasyon ng pagtatrabaho, o kung paano nakikilaro sa sistema ng gulangan ang masa, may integridad ang pagbuo ng karakter na mawawari mong inahon din sa saliksik, matalas na obserbasyon, at matamang pakikinig sa wika.

Pinapatunayan ng “Nasa Balat ang Amerika” ni Genevieve L. Asenjo ang epekto ng mabisang pagmumuni sa konsepto ng Kairos sa panitikan. Hindi lamang ito sumasaklaw sa tagpo at panahon, kundi may pagkakasangkot din sa patuloy na agos ng panahon, panahunan, tagpo, tagpuan, hanggang sa pag-iisip din kung paanong hindi plakado ang identidad sa simpleng kulay ng balat o tungkulin. Sinadya na may tahimik na allusion sa mga nasulat na patungkol sa salimuot at alingasngas ng biracial connections. Kahit ang pagtawag ng palangga sa isang katawan ay pagsisid din ng kaluluwa at hindi basta anino, at dama ang pagtimpi ng tinig, lalo na sa kamalayang hindi naman lubos na naaaninag ang “laman” ng iniisip, habang tinutunghayan ang pathos ng pagiging hindi sapat ng “tulong” at karidad sa mga totoong danas ng giyera at genocide. Tinangka rin ng sanaysay na pakinggan at isatinig ang mga karaniwang binabasa bilang mga casualty ng giyera: mga balo, ulila, at latak ng isang tapos nang pananakop habang dumadaloy rin sa impormatibong tinig ng reportage at kartograpiya. Pero may isa pang nabuong naratibo ng giyera at pananakop, sa panig ng nagsasaysay, na pinipiling tandaan, at ilita: ang mga munting bagay sa pinagmulang bayan.

May kairos din ang “Wala si Satanas sa Ilalim ng Lupa” ni Denmark B. Soco. Ito ang Diwalwal, ang mina ng ginto sa Davao, na bihira nating mabasa ang materyalidad sa panitikan. Totoong may nauna nang nobela si Edgardo Reyes tungkol sa lugar na ito, pero ang pagsusumamo ng kairos ni Soco ang susi para makita nating lumalagdaw ang panahon, lumalapot ang pagwasak sa kalikasan at pagdurusa ng mismong manggagawa at ng nakapalibot na mga komunidad na apektado ng pagmimina. May imbokasyon ng pinakanuno ng kasamaan sa kairos na ito, isang paghamon na titigan, at litisin din natin, ang nagpapatuloy nitong kuwento.

Sumalalay ang kapangyarihan ng “Si Miss Packaging Tape at ang Mundo ng Ladies and Gentlemen” ni Klara Domagtoy Espedido sa ethos ng makatwiran, at sensitibong pagsilip natin, bilang mga voyeur, sa paraan kung paano sinusupil ang ari upang maging malaya sa bagong identidad. Taglay na mismo ng sanaysay ang talas ng pagbabalik-tanaw,



INTRODUCTION/INTRODUKSIYON

pero ang detalyadong proseso mismo ng paggamit ng packaging tape ang gayuma ng sanaysay. Nakatutuwa rin na umiigpaw ang akda sa mga iyakin at puno ng hinagpis na pagtatapat ng mga kahanay na kasarian. Nanghihiram ito ng lakas sa pag-aangkin mismo ng sarili; ang pagtakda ng sarili ay isang hindi matatawarang lakas, at exponential ang pagkilala sa kapangyarihang ito

Pinagsasanib ng dulang *Mapait ang Ugat ng Asukal* ni Rocky O. Nicor ang interrogasyon ng kasaysayan, at humor habang isinasagawa ito. Interessanteng inaral ng mandudula ang kasaysayan ng sugar industry, lalo na sa Negros, at lumilitaw ang bakas nito sa pagsasakatawan ng dalawang interpellator ng kasaysayan, na mga ordinaryong kabataan. Mapait naman din talaga ang kasaysayan ng asukal—lalo na kapag inisip ang dugo't pawis ng mga nasakupan ng, at sumaklob sa, monopolyo nito—at dadalhin pa rin magpahanggang ngayon, ng nagpapatuloy na naratibo ng pakikipagbuno sa aanihing tamis ng interpretasyon.

Masasabing *Ang Kalbaryo* ni Hans Pieter L. Arao ay pruwera ng debate sa namayaning logos, ethos, at pathos ng Himagsikan. Dito, dama ang agam-agam ng magkasamang opisyal at karaniwang Katipunero. Nag-uusap tungkol sa pagkain dahil wala na ring makain. Nag-uusap sa mga engkuwentro habang hinihintay ang hudyat. Matatapos ang dula sa klarong sagupaan; halos natitiyak natin na maaaring ikabuwis ito ng buhay ng dalawang tauhan. Mainam na ibinabaling din ang atensiyon sa pagsaysay ng kasaysayan sa maliliit na manlalaro, maliliit na ahente ng mga desisyon at pasya, maliliit na kalbaryo na alingawngaw rin ng ating pakikipagbuno sa paglimot at pag-alaala.

Malagim ang naging karanasan natin sa pandemya, ngunit somatiko at bukod-bukod ang ating pagmamalay na parang nakuwarantena rin. Sa *Pagkapit sa Hangin* ni Joshua Lim So, nagtatangka ang dulang usigin ang makapangyarihang papel na ginampanan ng mga tagapamagitan ng kalusugan at kaligtasan sa COVID. May macabre na dating, pero nabalanse ng pag-iisip din ng kondisyon, at dilemma, ng mga nasa health sector sa harap ng kawalan ng lohistikong equipment, o simpleng aparato para makahinga. Niruruleta rin ang pihit-patay ng oxygen machine sa dula, at sana'y mapaisip din ang makababasa, at makapanonood, sa sinasabing patolohiya, at ginhawa, ng ating bayan.

Migration—causes and consequences—features prominently in the array of stories, personal essays, and poems in this year's *Likhaan* journal.



Sara in Isa Lorenzo's short story "Made in Hong Kong" journeys to the Asian territory to work as domestic help. There, she bonds with three other Filipinas, and together they survive life-and-death challenges.

In Fe Trampe's "Imalawan," set in Palawan, the journey may be closer as local fishers are lost in an islet not far from home, but, similarly, desperation impels the poverty-stricken characters to seek out unknown terrain that may reveal truths behind myths.

In John Pucay's "Ta-nong," the unnamed Igorot narrator must rely on his boyhood memories of olden ritual to help heal his cousin, who had returned after decades as expatriate, from a mysterious malaise and restore ties to ancestral spirits.

Teresa, in Carlo Laurena's "Yesterday When I Was Young," may be a more "privileged" sojourner, propelled more by wanderlust than need in her travels, but she too must return to natal ground on the eve of her fortieth year to take stock of things.

There are few "comic" stories in our fiction in English, and Ino Habana's "Glory" is now among them. Here, a young girl's gaze is trained on her mother, who is fired from work in a Christian Church but refuses to go gentle. She rages in style!

In her personal essay "Echoes of War," Rosemarie Angel Padillos chronicles the experiences of three generations of women caught in the unending strife between Muslim and Christian communities in Kauswagan, Lanao del Norte. Here, "migration" becomes routine, as families must evacuate to safer ground almost nightly whenever social tensions erupt into shooting wars. Despair is mitigated only by the strength of those caught in the crossfire: their refusal to be mere victims.

In "The houses are flying," Romy Pacquing McCoy reflects on her journeys from her residence in Australia to her ancestral town in the Philippines and the estrangement wrought by colonial dislocations and violence.

Love, effervescent and transactional, finally finds a concrete home after nearly a lifetime's wandering in essayist/designer Louie T. Navarro's "This House Is My Love Letter."

In "Imagining My Homecoming and Other Poems," B. B. P. Hosmillo interweaves trauma wrought by migration and same-sex intimate partner abuse.

In "Archive Pelagic," poet Mars Briones dwells on sand, sea, isle, coral, fisher, sailor—the Pelagic zone "where the binding of humans



INTRODUCTION/INTRODUKSIYON

and nonhumans most strongly pivots” so as to articulate “continuities between stories and histories across scales of body, place, and planet.”

In “Critical Nationalism and Queer Decolonization in the Philippine Literature Classroom,” J. Neil C. Garcia reflects on the question of nationalism in relation to the challenge of mainstreaming the teaching of queer literature in Philippine schools.

Eugene Y. Evasco
Luna Sicat Cleto
Charlson Ong